# TULONG SA WIKA

Ayon sa ipinag-aatas ng batas, nagbibigay ang County ng San Luis Obispo ng mga kopya ng balota na nasa mga sumusunod na wika at para lang sa mga presintong nakalista sa ibaba:

**Spanish**

| | |
|---|---|
| Lahat ng Presinto | Lahat ng Lugar na Botohan |

**Tagalog**

Mga Pinagsama-samang Presinto (Consolidated Precinct)
302, 305, 306, 307, at 408

Upang alamin kung ano ang inyong Pinagsama-samang Presinto, mangyaring sumangguni sa kaliwang sulok sa itaas ng inyong balota sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, na naglalaman ng impormasyon ng inyong presinto (ibig sabihin, CON 403).

Magbibigay ng mga kopya ng balota at tagubilin kapag hiniling. Maaari ninyong hilinging makita ang kopya ng balota para sa wikang ginagamit sa Lugar na Botohan, na nakalista sa inyong pahina sa mga Tagubilin sa Pagboto.

Maaari kayong humiling ng kopya ng balota sa isa sa mga wikang magagamit:

| | |
|---|---|
| Sa Pamamagitan ng Telepono: | 1-805-781-5228 |
| Sa Pamamagitan ng E-Mail: | elections@co.slo.ca.us |
| Sa Pamamagitan ng Koreo: | 1055 Monterey Street, Suite D120<br>San Luis Obispo, CA 93408 |
| Sa Personal: | Sa Tanggapan ng Klerk na Tagapagtala sa 1055 Monterey Street, D120, San Luis Obispo o 6565 Capistrano Avenue (ika-2 palapag), Atascadero |
| Online: | www.slocounty.ca.gov/LanguageAssistance |

## Teknolohiya ng Balota sa Wikang Espanyol

Sa tulong ng nagagamit na teknolohiya sa pagmarka ng balota (mga ICX na makina sa pagboto), ang karanasan sa pagboto sa wikang Espanyol ay makakatulong sa mga botante sa pagpili at pagmarka sa kanilang mga balota. Magagamit ang mga ito sa tanggapan ng Klerk na Tagapagtala ng County simula ika-5 ng Pebrero, at sa lahat ng Lugar na Botohan sa ika-5 ng Marso, Araw ng Halalan.